Pahayagan sa 10 Wika

# Mimitaro

Tagalog/タガログ語版 ☆ Blg. 147 Abril 2023

Boluntaryong Grupo ng SIA「Mimitaro」

Lugar : 2F Piazza Omi1-1-20 Nionohama, Lungsod ng Otsu
Tel : 077-523-5646 Fax: 077-510-0610
E-mail : mimitaro@s-i-a.or.jp
URL : https://www.s-i-a.or.jp/tl
: https://www.facebook.com/siabiwako

## Mga bata, Laban lang tayo！

Sa isyung ito ng Mimitaro, amin nakapanayam si G. Isamu Kondo at Gng. Rita Kondo ng 「Kondo Taekwondo Akademya sa Shiga」



6 taon na ang nakalilipas, ang asawa kong dentista at ako isang arkitekto doon sa amin sa Brazil ay nagpahinga sa trabaho upang mag aral sa Kyoto at Nagoya. kasama ang mga anak namin na nasa 2 at 8 taon gulang nung mga panahong iyon, pati na ang aking biyenang babae na haponesa ay sama-sama kaming pumunta ng Japan at nanirahan ang buong pamilya sa Hikone. Pagkatapos mamuhay bilang mag aaral, pumapasok sa unibersidad sa araw, pumapasok naman sa pabrika sa gabi bilang isang part-timer at natutulog sa tren. Nagdisisyon kaming tuluyang manirahan sa bayan na ito kung saan makakapamuhay kami ng matiwasay at para na rin sa mga anak namin na lumaking napamahal na sa kanila ang Japan. Sa ngayon nagtratrabaho kaming mag asawa sa pabrika at nagtuturo din ng taekwando habang patuloy na nag aaral ang asawa ko upang makakuha ng sertipikasyon sa Japan sa pagiging dentista. Kapag nakakaluwag-luwag kami sa oras, nagbibiyahe kaming buong mag anak, masaya at komportable naming iginugugol ang aming oras sa tabi ng lawa.

Doon sa Brazil, masaya at palaging nilalaro naming mag anak ang taekwondo kaya pagkadating namin dito naghanap kami kaagad ng lugar (dojo) upang maipagpatuloy namin ito subalit hindi kami makahanap kaya nagsimula kaming bumuo ng aming sariling silid-aralan. May lisensiyang magturo ng taekwondo sa Brazil ang asawa ko at upang makapagturo siya sa pang internasyunal na larangan, ipinarehsitro namin ito sa pang-internasyunal na pederasyon ng taekwando gayundin ang silid-aralan ipinarehistro din namin ito sa pederasyon ng taekwondo sa Japan. Sumasali din kami sa mga pang-rehiyonal, pambansa at pang-internasyunal na paligsahan. Sa kasalukuyan mayroon na kaming tatlong silid-aralan sa Nagahama, Hikone at Higashiomi halos 70 na mga kabataang nagsasanay at nagpapapawis, mula 2 hanggang 15 taon gulang halos karamihan sa kanila ay mga Brazilian.

Sinimulan man namin ang silid-aralan na ito na isang libangan lamang, ngunit pagkatapos namin makita ang sitwasyon ng mga kabataang dayuhan at sa pagkakaroon namin ng deriktang ugnayan sa kanila dito namin lubos na nauunawan ang kahalagahan ng pagpapatakbo nito, maraming mga dayuhang bata ang nahihirapang umangkop sa paaralang hapon dahil sa pagkakaiba ng wika at kultura, masyado nilang nararamdaman at ikinalulungkot ang kanilang pagiging iba sa ibang mga bata. Pakiramdam nila hindi sila kasama sa kinabibilangan lipunan. Sa bahay naman nalululong sila sa mahabang oras sa paglalaro ng mga digital na mga bagay tulad ng kompyuter, celpon at bedyong laro hindi rin sila makakuha ng sapat na ehersisyo. Ang mga ganitong gawi ay nakapagdudulot ng negatibong epekto sa katawan, kaisipan at emosyon na nagdadala sa mga kabataan sa hindi pagkakaroon ng matatag na emosyon, kawalan ng gana na nakakapag-alalang isipin ang kanilang kinabukasan. Sa ilalim ng sitwasyong ito tanging asam namin na lubos na maiehersisyot ng mga bata ang kanilang mga kamay at paa sa kanilang pagsasanay sa taekwondo upang maging malusog sila pareho sa pang-pisikal at pang-kasiipang kalusugan. Sa mga kadahilanang ito kaya namin pinapatakbo ang silid aralan na iniaayon ang oras ng klase at bayarin ayon sa makakaya ng mga bata para makasali. Binibigyan din namin sila ng oras upang makapaglaro bago at pagkatapos ng klase upang kahit kailan na makakapunta mapag-uusapan namin ang kanilang mga problema. Palaging bukas ang aming mga kamay upang tulungan ang mga bata sa kanilang mga problema. “Pakikipag-ugnayan, Respeto at Disiplina” ang aming Sawikain. Kapagka oras na ng pahinga, maririnig mong umaalingawngaw ang masasayang boses ng mga bata naririnig namin na sinasabi nila na masarap ang pakiramadam nila kapagka naigagalaw nila ang kanilang mga kamay at paa, gayundin ang natatanggap naming mga papuna mula sa mga titser at magulang na nagsasabing ang mga “kabataan ay mahinahon na”

Ang manirahang malayo sa sariling bayan ay natural lang na humaharap sa ibat’t ibang pagsubok, ngunit sa Japan, ang paaralan at ang gobyerno nito ay parehong nagbibigay ng mga iba’t ibang tulong para sa mga dayuhan. Kung kaya kahit na hindi ito madali kinakailangan nating magkaroon ng klarong layunin at positibong pananaw at gamitin itong mabuti para sa paghahanda sa sarili. Pinakamahalagang turuan natin ang ating mga anak na ang buhay ay isang pakikibaka minsan nanalo, minsan natatalo at kahit tayo man ay talunan na kailangan nating malampasan din ito. Kung nakakahon lang ang buhay mo makikita mo lang ang mga nakapaligid rito. Kaya’t kinakailangan nating lumabas mula sa kahon at tingnan ang panlabas na mundo, magtamo ng mga bagong karunungan at makipagsapalaran sa mga panibagong pagsubok. Sa mga rason na ito, Itanim natin sa ating mga anak ang malusog na kaisipan at pangangatawan na mahalaga para sa kinabukasan sa pakikibaka sa buhay.

Sa kompetisyon sa taekwondo minsan nag aalangan lumaban ang mga bata dahil iniisip nila na baka matalo sila subalit kahit sa pagsali palang at sa pakikipagtunggali ay para na rin silang nanalo ng medalyang ginto sa kanilang mga puso.

facebook

Segurong -Pangkalusugan Serye 8

# Magpasuri sa doktor isang beses sa isang Taon!



Nakakatanggap ka ba ng pagsusuring- medikal? Ang pagpapasuri sa kalusugan ay isang magandang pagkakataon upang mabilis na matukoy sa maagang yugto pa lamang nito ang anumang mga abnormalidad sa loob ng inyong katawan. Kahit na ang isang abnormal na resulta ng pagpapasuri kung walang makitaang anumang sintomas kung ito ay mapabayaan at hindi matingnan maari itong lumala at maging banta sa inyong buhay. Dahil dito, mahalagang kumpirmahin, paghambingin, alamin kung may mga kakaibang pagbabago sa inyong kalusugan mula sa resulta ng taunang pagpapasuri. Seguraduhing magpasuri sa kalusugan kahit isang beses kada taon.

Sa Japan, ang "mga tukoy na pagsusuring medikal *"(Tokutei Kenshin)* ay magagamit ng mga nakapisan sa segurong- pangkalusugan sa pagitan ng edad na 40 hanggang 74 taon gulang. Ang kompanya ng segurong pangkalusugan kung saan ka nakapisan ay magbibigay ng subsidyo sa gastusin ng medikal na pagsusuri isang beses sa isang taon.

## ★ Sa mga nagtratrabaho/empleyado

Sapilitang pagpapatupad para sa mga tagapag-empleyo na ipasailalim sa pagsusuri sa kalusugan ang kanilang mga empleyado isang beses sa isang taon. Kung nag-aalok ang iyong kumpanya ng pagsusuri sa kalusugan, siguraduhing kunin ito. Sasagutin ng may-ari ng negosyo /tagapag-empleyo ang halaga ng pagpapasuri ayon sa tukoy na batas.

## ★ Sa mga taong tinutustusan (*dependent*) na nakapisan sa Programa ng samahan ng Segurong-pangkalausugan ng Japan (*Kyokai Kenpo*)

Ang mga miyembro ng pamilya na may edad 40 pataas ay padadalhan ng isang paunawa sa kanilang mga tahanan para sa partikular na pagpapasuri sa kalusugan bawat taon sa buwan ng Abril. Nakapaloob dito ang tiket para sa pagpapasuri at mga polyeto. Mangyaring makipag ugnayan nang maaga sa ospital o sa lugar kung saan nais mong makatanggap ng isang partikular na pagsusuring medikal. Kung mayroon kang tiket para sa pagsusuring medikal, ibabawas ang 7,150 yen mula sa kabuuang halaga ng bayarin. Mayron din mga lugar kung saan maaari kang makapagpasuri ng libre, kaya kung makakatanggap ka ng isang paunawa, siguraduhing kunin ang pagkakataong makapagpasuri kaagad.

## ★Sa mga taong nakapisan sa Pambansang Segurong-Pangkalusugan (*Kokumin Kenkou Hoken*)

Itinataguyod din ng "Kokumin Kenkou Hoken" ang mga partikular na pagsusuring-medikal, at papadalhan kayo ng paunawa sa inyong mga tahanan. Mangyaring makipag ugnayan sa tanggapan ng munusipyo ng lungsod/bayan kung saan kayo nakatira patungkol sa oras at nilalaman ng impormasyon.

### Paunawa~Para sa lahat ng mga nakapisan sa "Kyokai Kenpo"

Ang Pormat ng papel ng aplikasyon at notipikasyon ng Asosasyon ng Segurong-Pagkalusugan ay binago mula Enero 2023. Maaring madownload ang bagong pormat sa websayt ng Kyokai Kenpo.Kung mayron kayong lumang pormat mangyaring itabi ito at huwag gamitin.

# Alam mo ba ang mga tuntunin ng bisiklita at motorsiklo?

## Patungkol sa Pagsuot ng Helmet ng Bisikleta



Bilang pagpapatupad ng batas sa bahagyang pag amyenda ng Batas Pang-Trapiko. Ang pagsuot ng helmet ay **isang pagsisikap na tungkulin** para sa mga nagbibisikleta simula Abril 1, 2023.

【Mga tuntunin na dapat sundin ng mga nagbibisiklita】

1. Kinakailangan magsuot ng helmet ang mga **nagbibisiklita.**
2. Kung ang nagbibisiklita ay **mag aangkas ng bata sa bisiklita** o ipapahiram ang bisiklita sa iba, kinakailangan niyang pasuotin ng helmet ang mga ito.
3. Kinakailangan papagsuotin ng helmet ang mga bata kung sila ay nakaangkas sa bisiklita ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga.

※ Sa Prepektura ng Shiga, **ang pagpisan sa seguro ng bisiklita** ay sapilitang-utos simula Pebrero 1, 2016

## Paraan sa Pagbili ng Motorsiklo

Kung kayo ay bibili ng motorsiklo sa mga nagtitinda ng motorsiklo, sila na ang bahala sa pagproseso ng lahat para sayo, subalit kung kayo ay nakatanggap ng gamit ng motorsiklo mula sa iyong kaibigan, o bumili nito sa mga ibinibenta sa online, kinakailangan mong palitan ang pangalan ng may ari nito at sariling gagawin mo ang iba pang mga nararapat na proseso.

## Paraan sa Pagparehistro sa Pagpalit ng Pangalan (*Meigi Henkou*)

Kung paano magparehistro sa pagpapalit ng pangalan ng motorsiklo ay may pagkakaiba-iba depende sa klase ng motorsiklo.

☆ Para sa mga motorsiklo na may（50cc~125cc）
Gagawin ito sa munusipyo kung saan ang bagong may ari ay nakarehistrong residente rito

☆ Para sa magagaan na motorsiklo, katamtamang-laki at malalaking motorsiklo (sobra sa 126cc)
Gagawin ang proseso sa Road Transport Branch Office **(*Unyushikyoku)*** (Landtransport office (*Rikuunkyoku*) na siyang may hurisdikisiyon sa address ng bagog may ari.
Shiga Road Transport Branch Office **(*Shiga Unyukyoku*)** 2298-5 Konohama-cho, Moriyama-shi
Registration and Inspection Procedure Guide Tel: 050-5540-2064

✓ Ang karaniwang tuntunin sa pribadong pagbebenta ay ang bibili nito ang siyang gagawa ng proseso sa pagpapalit ng pangalan, ngunit kung bibilhin ito sa iyong kaibigan, maari mong gawin ang proseso sa Land Transport Bureau o kaya sa munusipyo na kasama siya.

## Pagpisan sa Seguro para sa Sapilitang-pananagutan ng Sasakyan (Compulsory Automobile Liability Insurance) (*Jibaiseki Hoken*)

May dalawang klase ng seguro ang motorsiklo, seguro para sa sapilitang-pananagutan ng sasakyan **(*Jibaiseki Hoken*)** at "Boluntaryong pagpisan sa Seguro"**(*Nin-i-Hoken*)**. Kung bibili kayo ng motorsiklo, kinakailangan ninyong pumisan sa seguro para sa sapilitang-pananagutan ng sasakyan (Compulsory Automobile Liability Insurance). Mandato ang pagpisan para sa liability insurance at sinasakup nito ang buong pinsala, at mayron ding mga parusa para doon sa mga hindi naka-segurong mga drayber. Bilang karagdagan, kahit na hindi ito mandato. Magandang paghahanda din kung mayron kayong boluntaryong seguro, na mababayaran pareho ang biktima at ang nakapinsala.



# Impormasyon mula sa Mimitaro

◆ **Biwako Jazz Higashiomi**

Ika-29 Abril (bakasyon), Ika-30 (Lin)

Mula sa Munisipyo ng Higashiomi hanggang sa paligid na lugar sa estasyon ng Yokaichi (riles ng Omi) Pagdiriwang ng Musika sa kalye kaganapan tuwing tagsibol na panahon sa siyudad ng Higashiomi, pang ika-15 na anibersaryo ngayong taon.

◆ **Pamumukadkad ng mga Cherry sa Hiei at ng mga berdeng dahon ng Maple**

Ika-29 Abril (bakasyon) ~ Ika-7 Mayo (Lin), 10am~4pm

Sa daanan ng Okuhiei, Paradahan ng Saito (kanlurang-tore) Halos mga 1000 puno ng cherry na may 40 na ibat-ibang klase, kasama pati ang mga namumukadkad na puno ng Yaezakura at ang mga naggagandahan nagtitingkaran kulay berdeng puno ng maple na tinatakpan nito ang mga bundok pagkatapos ng pamukadkad ng mga puno ng cherry.

◆ **Shigaraki Sakkaichi 2023 (eksibisyon ng mga artist)**

Ika-2 ng Mayo (Mar) ~ Ika-5 ng Mayo（bakasyon）

Shiga Prefectural Ceramic Cultural Park, Taiyo no Hiroba（2188-7 Chokushi Shigaraki-cho Koka-shi）

Isang kaganapang ipinapakita (Eksibisyon) at itinitinda ang gawa ng mga ceramic artist mula sa ibat-ibang panig ng Japan.

◆**Panahunang Pagdiriwang Yabusame**

Ika-5 ng Mayo（bakasyon）mula 3pm

Templo ng Nomura（467 Ayado Ryuo-cho Gamo-gun）

Ipinagdidiwang ito bilang tanda sa paglaki ng mga bata sa pamamagitan ng pag aalay ng Mikoshi ng mga bata (pagbuhat ng portableng Templo) at ang pagsakay sa 7 sagradong kabayo habang nagpapana.



◆ **Pagdiriwang ng Ao-Oni**

Ika-21 ng Mayo (Lin) 9:30 ~10:30am

Daihonzan Ishiyamadera (1-1-1 Ishiyamadera Otsu-shi)

Isang 5 metro na estatwa ng ao-oni (Asul na dambuhala) gawa mula sa mga dahon ng sedro ang siyang sasalubong sa mga mananampalataya.

◆ **Pamumukadkad ng mga Hydrangea (Ajisai) mula Hunyo hanggang Hulyo**

**Moriyama Ashikarien** (Sugie-cho Moriyama-shi)

Mainam na tanawin: Kalagitnaan ng Hunyo

**Yogoko Ajisaien**（Yogokohan Yogo-cho Nagahama-shi）

Mainam na tanawin: katapusan ng Hunyo at maagang Hulyo

**Miyashogawa no Ajisai dori**

(Miyasho-cho Higashiomi)

Minam na tanawin：Kalagitnaan at katapusan ng Hunyo



# Balita mula sa Mimitaro

◆ **Paalala para sa pagtatapos ng aplikasyon para sa Suportang benipisyo sa "Paghigpit na Pahintulot na Bakasyon" sa ilalim ng paglaganap ng COVID-19**

Ang hangganan ng huling araw ng aplikasyon para doon sa mga hindi nakapasok sa trabaho dulot ng epekto ng COVID-19 sa pagitan ng buwan ng Pebrero at Marso 2023 ay hanggang sa ika-31 ng Mayo na lamang. Mangyaring pakitandaan na hindi na tatanggapin ang aplikasyon pagkatapos ng huling araw ng aplikasyon.


◆ **Pagbaba ng Antas ng COVID-19 simula Mayo 8**

Ang antas ng alerto para sa nakakahawang sakit ay ibaba. Mangyaring sundin ang mga tuntuin ng mga paaralan at mga kumpanya patugkol sa gabay at panukalang hakbangin laban sa impeksiyon at sa panahon ng pagpapagaling sakaling mahawaan.

※Mahalaga pa rin na mag iingat laban sa impeksiyon lalo na sa mga matataong lugar at mga pampublikong lugar, sa mga ospital o sa mga pasilidad para sa pangmatatanda kung saan maraming mga taong nasa peligro na maaring magkaroon ng malalang karamdaman, magsuot ng maskara ayon sa sitwasyon ng epidemya at mga okasyon.

◆ **Suporta mula sa Orizurukai para sa mga naulila dahil sa aksidente sa trapiko**

Nagbibigay ng Iskolarsip ang Orizurukai, mga benipisyo para sa mga bagong papasok sa paaralan at iba pa., sa mga batang nakatira sa Prepektura na nawalan ng mga tagapangalaga dahil sa aksidente sa trapiko (Mula 0 hanggang Marso sa pasukang taon kung saan sila ay aabot na sa edad na 18) pati na sa para sa paglilibang na akitibidad sa panahon ng tag init na bakasyon.



Info　Tanggapan ng Orizurukai

(sa loob ng Kawani ng Pagpapanatili ng mga daanan sa Prepektura ng Shiga) Tel: 077-528-3682

◆ **Panahon upang mag aplay para sa Iskolarship**

Bilang karagdagan, maliban sa ibinigay na iskolarsip ng Japan Student Services Organization (JASSO) mayron din mga iskolarsip na ibinibigay sa mga mag aaral mula sa mga unibersidad, mga pribadong kumpanya, mga samahan at sa mga lokal na tanggapan ng gobyerno. Mangyaring bisitahin ang websayt nila.


**Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga** (Sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

Konsultasyon sa ibat ibang wika at may libreng serbisyo para sa legal na konsultasyon

Tel:077-523-5646　Fax 077-510-0601

E-mail：mimitaro@s-i-a.or.jp


Ang sunod na isyu ng Mimitaro ay sa Hulyo